KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-172

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KARAPATAN SA PUNONGBAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE AT PANSAMANTALANG PAMBAYANG INGAT-YAMAN, GNG. NELIA A. BARLIS NA MAGBUKAS NG ISANG "SPECIAL ACCOUNT" SA PHILIPPINE NATIONAL BANK - POBLACION, MUNTINLUPA BRANCH, BILANG DEPOSITORY BANK PARA SA EKSKLUSIBONG GAMIT NG PACIFIC ASIAN CONGRESS OF MUNICIPALITIES (PACOM) AT ANG KARAPATAN NA LUMAGDA PARA SA NASABING "SPECIAL ACCOUNT".

************************************************************

SAPAGKAT, ang malaking bahagi ng kabang-yaman ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nakalagak sa Philippine National Bank - Poblacion, Muntinlupa Branch;

SAPAGKAT, ang PACOM bilang isang self-liquidating activity, ang anumang pondong paunang kukunin ng Pamahalaang Bayan ay ibabalik matapos ang pagdaraos ng PACOM;

SAPAGKAT, ang pagmi-maintain ng special accout ay alinsunod sa itinatadhana ng Chapter 2, Article 2, Section 313 ng R.A. 7160;

SAPAGKAT, ang halagang Tatlong Milyong Piso (P3,000,000.00) ay inilaan para sa PACOM na nakapaloob sa pinagtibay na taunang badyet ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, inaasahan na sa pagkakaroon ng sariling bank account, higit na mapapangalagaan at masusubaybayan ang anumang pagkakagastusan, pagkakakitaan at maaaring tubuin sa idaraos na PACOM;

SAPAGKAT, ang anumang disbursements na isasagawa ay magdaraan at susunod sa mga tuntunin at pamantayan ng accounting at auditing;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na bigyan ng karapatan ang Punongbayan, Mggl. Ignacio R. Bunye at Pansamantalang Pambayang Ingat-Yaman, Gng. Nelia A. Barlis na magbukas ng isang "special account" sa Philippine National Bank - Poblacion, Muntinlupa Branch bilang depository bank para sa eksklusibong gamit ng Pacific - Asian Congress of Municipalities (PACOM) at ang karapatan na lumagda para sa nasabing "special account."

PINAGTIBAY NG HIGIT NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-102nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Setyembre, 1994.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Di Sang-ayon)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

(Di Lumahok)
KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

E. Vitoria
ELMO VILORIA, JR.
BOY MAYOR
DISTRICT 1

Rocky G. Landrito
ROCKY LANDRITO
BOY MAYOR
DISTRICT 2